# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

BAYAN NG SANTA CRUZ · LALAWIGAN NG LAGUNA

LAW

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 14, 2023, BIYERNES, IKA-10:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad – may karamdaman |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
By: [signature]
Date: 05 MAY 2023
Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RELEASED
Name: [signature]
Date: 5/10/23
Time:
Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 275-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN PARA SA KARAGDAGANG BADYET NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY KABUUANG HALAGANG P1,097,379.39 NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 40-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T2023 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na may kabuuang halagang P1,097,379.39 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 40-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2023 ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan para Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, Santa Cruz, Laguna na may kabuuang halagang P1,097,379.39 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 40-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2023 ng barangay

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 14, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

[signature]
**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

[signature]
**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

[signature]
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 5-4-23
Punong Bayan

050420273